



PATNUBAY SA MISA



22 Disyembre 2018

SIMBANG GABI – Ikapitong Araw

Taon K

Ang Pagpupuri at Pagpapasalamat sa Diyos

Ngayon ang ating Ikapitong Simbang Gabi. Ang pagtanaw ng utang na loob ay isang dakilang katangian ng mga Filipino. May mga kababayan tayong handang gawin ang lahat dahil lamang sa utang na loob. Ang ating mga pagbasa ay nagpapahayag ng dalawang babaeng nais tumanaw ng utang na loob sa Diyos. Sana'y matulungan din tayo ng ating Eukaristiyang tumanaw ng utang na loob sa Diyos.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Buksan ninyo ang pintuan, itaas ang mga halang nang ang Haring nagtagumpay taglay ang kadakila'y makapasok nang lubusan.

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Amang mabait at mapagbigay, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Paghandaan natin ang pagdiriwang at humingi tayo ng tawad para sa ating kawalan ng utang na loob sa Diyos. (Manahimik sandali.)

P–Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong pang-unawa at kabaitan, Panginoon, kaawaan mo kami.

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa iyong pangangalaga sa amin, Kristo, kaawaan mo kami.

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kahinaan ng pag-ibig at utang ng loob sa iyo, Panginoon, kaawaan mo kami.

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, niloob mong sa pagdating ng iyong Anak ay matubos ang sangkatauhang nakita mong sa kamatayan nasadlak. Ipagkaloob mong ang mga nagdiriwang sa kanyang pagkakatawang-tao nang may kapakumbabaan at katapatan ay maging dapat na makasalo sa Manunubos naming ito na siyang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa 1 Sam 1:24-28

Ang ating Unang Pagbasa ay naglalahad ng dakilang pasasalamat ni Ana sa Diyos para sa hindi niya inaasahang pagbibigay sa kaniya ng Diyos ng anak. Si Samuel ay nais niyang italaga sa paglilingkod sa Panginoon. "Kinilala ng buong Israel... na si Samuel ay isang tunay na propeta ng Panginoon" (1 Samuel 3:20).

L – Pagpapahayag mula sa Unang Aklat ni Samuel

Noong mga araw na iyon, nang maawat na si Samuel, dinala siya ng kanyang ina sa Templo sa Silo. Nagdala pa siya ng isang torong tatlong taon, tatlumpu't anim na litrong harina at isang pitsel na alak. Nang maihandog na ang baka, dinala nila kay Eli ang bata. Sinabi ni Ana, "Kung natatandaan ninyo, ako po yaong babaing tumayo sa tabi ninyo noon at nanalangin sa Panginoon. Idinalangin ko sa kanya na ako'y pagkalooban ng anak at ito po ang ibinigay niya sa akin. Kaya naman po, inihahandog ko siya sa Panginoon upang maglingkod sa kanya habang-buhay." Pagkatapos nito, nagpuri sila sa Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan 1 Sam 2

B – Diyos kong Tagapagligtas, pinupuri kitang wagas!

R. M. Velez

Eb Gm/D Cm7

D'yos kong Ta-ga-pag-lig-tas,

Eb/Bb Ab Bb7 Eb

pi-nu--pu---ri ki---tang wa--gas!

* Pinupuri ko kayo, Poon, dahil sa kaloob ninyo sa akin. Pinagtatawanan ko ngayon ang aking mga kaaway, sapagka't iniligtas ninyo ako sa kadustaan. **B.**

* Nagapi ninyo ang mga makapangyarihan, at pinalalakas ninyo ang mahihina. Kaya, ang dating mayayaman ay nagpapaupa para mabuhay. Masagana ngayon ang

dating maralita. Ang dating baog, nagsilang ng mga anak, at ang maraming supling ay sa lungkot nasadlak. **B.**

* Kayo, Poon, ay may kapangyarihang magbigay o bumawi ng buhay. Maaari ninyo kaming patayin, maaari ring buhayin. Maaari ninyo kaming payamanin o paghirapin, maaari ring ibaba o itaas. **B.**

* Mapadadakila ninyo kahit ang pinakaaba, mahahango sa kahirapan kahit ang pinakadukha. Maihahanay ninyo sila sa mga maharlika, mabibigyan ng karangalan kahit na ang dustang-dusta. **B.**

Aleluya

B – Aleluya! Aleluya!
Hari't batong panulukang saligan ng Sambayanan, halina't kami'y idangal.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 1:46-56

Ang sipi ng ating Ebanghelyo ay naglalaman ng Awit ni Maria na tinawag na Magnificat. Ang Mahal na Birhen ay nagpupuri at nagpapasalamat sa Diyos dahil sa kanyang paglililihi ng Anak ng Kataas-taasan. Ang kanyang kababaang-loob ay ginantimplaan ng Diyos ng pag-uugnay sa kaniya sa kasaysayan ng ating kaligtasan.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, ipinahayag ni Maria ang awit na ito: "Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon, at nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking Tagapagligtas. Sapagkat nilingap niya ang kanyang abang alipin! At mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi, dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan Banal ang kanyang pangalan! Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya, sa lahat ng sali't saling lahi. Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig, pinangalat niya ang mga palalo ang isipan. Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono, at itinaas ang mga nasa abang kalagayan. Binusog niya ng mga mabubuting bagay ang mga nagugutom, at pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman. Tinulungan niya ang kanyang bayang Israel, bilang pagtupad sa pangako niya sa ating mga magulang, kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!"

Nanatili si Maria kina Elisabet nang may tatlong buwan, at saka umuwi.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Panalangin ng Bayan

P – Hangad nating matugunan ng Diyos ang ating mga pangangailangan sa buhay. Puno ng pasasalamat para sa ibang biyayang atin nang natanggap ating sasambitin:

B – Diyos na maawain at mapagbigay, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang mapangunahan nila ang Bayan ng Diyos sa pagpapasalamat para sa mga biyayang natanggap, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay lumago sila sa pagtanaw ng utang na loob na siyang mahalagang katangian ng puso ng tao, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang magawa nilang magpasalamat sa Diyos para sa yaman ng kagalangang kalikasang ipinagkaloob sa atin ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong hindi marunong tumanaw ng utang na loob sa Diyos, upang mapukaw ang kanilang mga puso ng kabaitan ng Poong Maykapal sa kanila, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang matuto tayong pahalagahan at pagyamanin ang mga biyayang natanggap natin sa Diyos, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Alalahanin natin ang iba pang dapat nating ipanalangin sa Panginoon. (Manahimik sandali.)
Manalangin tayo! **B.**

P – Ama naming puno ng pangunawa sa aming mga pangangailangan, isugo Mo sa amin ang

Iyong Banal na Espiritu upang kami'y magpasalamat sa Iyo tuwina at nang magtamo kami ng ibayo pang pagpapala. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B– Amen!



P– Manalangin kayo . . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, dumudulog kaming may tiwala sa iyong tapat na paglingap ngayong iniha-hain namin ang mga alay sa iyong dambana upang sa pagdiriwang naming ito kami ay dalisayin ng pagpapala mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya'y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay, sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya'y iniladah ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami'y nananabik at nananalanging lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B– Aming ipinahahayag na matay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P–Ito si Hesus, ang Diyos na kasama natin, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Nagpupuri sa Maykapal ang buong kalooban dahil sa kadakilaan ng ginawa niyang tanan sa kanyang kapangyarihan.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kami'y iyong palakasin sa aming pakikinabang upang kami'y makasalubong sa dumarating naming Tagapagligtas nang may gawang karapat-dapat para maiharap sa

ikapagkakamit namin ng pagiging kabilang sa mga mapalad sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGWAWAKAS



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (Tumahimik sandali.)

Nagagalak kayo sa maraming ipinagkaloob ng Panginoon sa inyo. Nawa gamitin ninyong lagi ang mga ito nang kalugod-lugod sa Kanya.

B– Amen!

P– Tulutan nawa ng Diyos na kayo'y maging laging matatag sa pananampalataya, maligaya sa pag-asa, at walang pagod sa pagmamahal.

B– Amen!

P– Nagagalak kayo sa pagdating ng ating Manunubos bilang tao. Sa kanyang maluwalhatang pagbabalik, biyayaan niya nawa kayo ng buhay na walang hanggan.

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

B– Salamat sa Diyos!

Mapakikinggan na ngayon ang
“BISPERAS SA VERITAS”
 ano mang oras . . . saan mang dako ng daigdig . . . !

Mag-log on sa www.wordandlife.org
 at i-click lamang ang **Download** para
 mapakinggan at masubaybayan
 ang pagsasahimpapawid ng
 programang



“BISPERAS SA VERITAS”
 – programang pantulong sa
 mabisang pagdiriwang
 ng pan-Linggong Eukaristiya.

846
kHz-AM

Ang Mabisang Paghingi ng Tulong sa Diyos




Si Don Bosco (1815-1888) ay may ipadadalang mga misionero sa America Latina. Kailangan niya ng tulong dahil sa laki ng gagastusin. Kaya pumunta siya sa isang simbahan upang humingi ng tulong sa mga tao roon. Pagkatapos niyang magsalita ay naglibot na siya sa mga tao upang kunin ang anumang maibibigay nila. Sa bandang likod ng simbahan ay may isang mamang nakatayo. Nang nilapitan niya ito, ito nama'y dumukot sa isang bulsa niya upang magbigay. Pinasalamat niya ni Don Bosco at pinaghintay siya nang sandali ng mama. Dumukot na naman ito sa isa pang lukbutan niya at nagbigay muli. Abot-abot ang pasasalamat ni Don Bosco sa kaniya. Pinaghintay na naman siya nang sandali at dumukot na naman ng salapi sa isa pang bulsa at ibinigay ito kay Don Bosco. Pinasalamat na naman siya ni Don Bosco. Ang mama ay dumukot na naman sa isa pa niyang lukbutan. Kung ilang ulit siyang pinasalamat ni Don Bosco ay ganoon din naman ang kanyang pagbibigay. Sa marunong tumanaw ng utang na loob ay hindi na pala kailangang humingi pa ulit.

Madalas nauubos ang ating panahon sa kaiisip kung paano hihingi ng tulong sa Diyos. May iba ngang nagpapagawa pa ng panalangin para sa kanilang mga pangangailangan sa buhay. Subalit ang higit na magandang gawin ay ang magpasalamat sa Diyos. Kaya ang may nais hingin sa Panginoon ay dapat balikan muna niya ang mga biyayang natanggap sa Diyos. Isa-isahin niya ang mga ito at pasalamat niya ang Panginoon para sa bawat biyayang natanggap. Kung tutuusin nga ay hindi na niya kailangang humingi pa sa Poong Maykapal ng biyaya. Ang Diyos na pinasalamat niya ay natutuwing magbigay pa uli.

Ang Mahal na Birheng Maria ay nagpasalamat sa Diyos **"sapagkat nilingap niya ang kanyang abang alipin!"** (Lucas 1:48) Ginawa siya ng Diyos na Ina ng **"Anak ng Kataas-taasan"** (Lucas 1:32). Dahil dito si Maria ay **"tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi"** (Lucas 1:48). Talaga nga bang mapalad si Maria? Mapalad ba siya kung ang kanyang puso ay **"para na ring tinakaran ng isang balaraw"** (Lucas 2:35). Mapalad ba siya kung **"hahanapin ni Herodes ang sanggol upang patayin"** (Mateo 2:13). Mapalad nga ba siya kung ang kanyang Anak na **"si Hesus ay ibinigay sa kanila ni Pilato upang ipako sa krus"** (Juan 19:16). Saan nakaugat ang pagiging mapalad ni Maria?

Ang wika ni Elisabet: **"Mapalad ka sapagkat nanalig kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon"** (Lucas 1:45). Sa madaling sabi, ang pagiging mapalad ni Maria ay dahil sa kanyang matibay na pananampalataya. Ang pinakadakilang biyayang ibinigay ng Diyos kay Maria ay ang pananampalataya. Ito ang nagdulot sa kaniya ng lakas sa harap ng mga pagsubok bilang Ina ni Hesus. Ito ang nagbigay sa kaniya ng kakayahang makiisa sa gawang-kaligtasan ng kanyang Anak.

Ang ating pagtanaw ng utang na loob sa Diyos ay nakaugat din sa ating pananampalataya sa Kaniya. Kung tayo ay may pananalig sa Diyos batid nating anumang galing sa Kaniya ay biyaya. Kapag kaya nating pasalamat ang lahat ng nanggagaling sa Kanyang mga kamay, lalo pa Niya tayo pupuspusin ng Kanyang biyaya. Kung minsan hindi lantad ang pagiging biyaya ng mga nagaganap sa ating buhay. Ngunit di man maganda sa biglang-tingin, ito ay magdudulot pa rin sa atin ng tunay na makabubuti sa atin. Kaya tayo ay laging magpasalamat sa Diyos at tayo ay mapupuno ng Kanyang pagpapala.



Mabibili na ngayon sa **Word & Life Center**, mga tindahan ng mga babasahing banal.



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldua